# 1

Flashbulbs… fancy dresses… beautiful and stylish famous personalities…

Lahat ng mga iyon ay ever-present sa mundong ginagalawan ni Andrea Andrada. Subalit hindi siya sikat na artista, hindi rin siya celebrity at lalong hindi siya model. Pero nakakasalamuha niya ang sikat na mga tao sa mga industriyang nabanggit.

Isa siyang fashion associate ng pinakasikat na independent fashion stylist na si Sasha Lopez. Ang mga kliyente nila ay mahuhusay na artista, respetadong broadcast journalists, at mga taong sikat sa larangan ng media.

Simple lang ang trabaho niya, ang i-coordinate ang wardrobe ng mga kliyente. Kapag awards night, may press conferences, photo shoots at social engagements ay dapat 'exquisite' mula ulo hanggang paa ang mga taong iyon na binibihisan nila.

Subalit sa mga sandaling iyon, hindi simple ang trabaho niya. Dalawa sa kanilang mga kliyente ang magkasabay na nag-pi-pictorial para sa promotion ng pelikulang pinagsasamahan ng mga ito. Na-i-stress siya dahil nagkaroon ng skin irritation si Kristina Dionisio sa suot nitong gown. Samantalang si Erin Gomez ay lumapad nang kaunti magmula noong final fitting. Ang daming glitches sa photo shoot na iyon. But that was okay. She was not

Sasha's assistant for nothing.

"Gizelle," tawag niya sa makeup artist na kasama sa kanyang team. "Paki-try namang i-cover up 'yung skin irritation ni Kristina sa shoulderblades."

Habang patungo si Gizelle sa artista, siya naman ay lumapit kay Erin para tingnan kung paano niya mareremedyuhan ang damit nitong hindi maisara ang zipper sa tagiliran.

*This is not good*, sabi na lang niya sa sarili.

---

"Help me!" naglalambing na sabi ni Andrea sa nobyong si Aaron habang naglalakad-lakad sila sa labas ng *MCE Studio*. Hindi iyon kalayuan sa photo shoot. Pakiramdam niya ay hindi na siya makahinga dahil masyado siyang na-su-suffocate sa stress kaya lumabas muna siya kasama nito.

"Paano kita matutulungan?" nakangiting tanong nito.

"I need to smoke," nahihiya niyang amin.

"Have you started smoking again?"

"Matagal na akong nag-quit," pagpapaalala niya.

"Gan'on pala. Bakit bigla mong naisipan?"

"Hindi *bigla*," aniya na nagsisimula nang magsisi kung bakit pa niya inumpisahan ang ganoong usapan. "Everytime I get

stressed, hinahanap ng katawan ko ang nicotine."

"Kung sa tuwing stressed ka at iniisip mo ang sigarilyo ay hindi malayong ma-tempt ka at muling sumubok," pangaral nito.

Tuluyan na siyang nagsisi sa pagbubukas ng usapang iyon. "Okay, I will stop thinking about it."

"And your coffee intake, medyo bawasan mo na. Alam mong hindi mabuti sa katawan ang sobrang caffeine."

"P'wede mag-snack na lang muna tayo somewhere para ma-refresh ang isip ko? Toxic ang trabaho ngayon, eh."

"Oh, Andie, hindi ako puwedeng magtagal ngayon," anito na bigla ay nalukot ang mukha. "I have to prepare for the seminar."

Expected na niyang hindi magtatagal ang pagbisitang iyon ni Aaron. Parating bilang ang mga oras na magkasama sila. Pero in fairness dito, gumagawa talaga ito ng paraan para magkita sila o makadaan sa studio at madalaw siya. "What is the seminar about?"

"It's actually a team-building workshop," pagkaklaro nito. "Applying Stephen Covey's *Seven Habits of Highly Effective People*."

"It sounds interesting," she said.

"Actually, interesting talaga," ani Aaron. "It's going to be a three-day workshop. Isang call center company ang nag-hire sa amin upang mai-train ang mga agents nila."

"Good for them," tipid niyang sabi. Pakiramdam ni Andie ay lalo lang siyang napagod. Una, toxic ang photo shoot na pinanggalingan pagkatapos ay hindi rin naman pala sila magsasama nang matagal ni Aaron. Tuloy ay nawala siya sa mood.

"You sounded so… *off* today," sabi ni Aaron. Napuna nito ang pananamlay niya. "May problema?"

"I said it earlier, stressed lang ako sa trabaho."

"Maybe you should take some time off," suhestyon nito. "Sumama ka sa amin sa Batangas, doon ang venue ng workshop. Makakatulong ang simoy ng dagat para mabawasan ang pagka-stressed mo." Tumigil muna ito sa pagsasalita upang makapagdesisyon siya. "So?" untag nito.

"Negative," malungkot niyang sabi. "Maraming trabaho sa mga panahong ito."

"That's too bad. Maganda pa naman ang naka-line up na activities."

"There's always next time," aniya. "O sige na, you should go ahead. Babalik na rin ako sa studio para makapagpahinga nang kaunti. Thanks for dropping by."

"Okay. 'Bye, Andie." Humalik ito sa kanyang pisngi. "Don't smoke!"

"I won't," nakangiting sabi niya. "Take care!"

"Will do," anito pagkatapos ay nagsimula nang maglakad para tunguhin ang lugar kung saan nito ipinarada ang sasakyan. Siya naman ay pumihit pabalik sa studio.

---

"Really?" tatawa-tawang tanong ng kanyang boss na si Sasha. Kasalukuyan nilang ibinabalik sa karton ang mga damit na nasa racks. Hiniram lang nila sa mga designers ang mga gowns na ginamit nina Erin at Kristina sa photo shoot. Naka-schedule na ang mga iyon for shipping out kaya magkatulong silang nag-pa-pack.

"I mean, hindi ko naman talaga pinlano na manigarilyo. I just felt like doing it, pero hindi ibig sabihin ay gagawin ko." Itinigil niya ang ginagawa para harapin ang kausap.

"Ano ang nakita mo kay Aaron? Why is it that of all the guys who were after you, siya ang napili mo?"

Lumitaw sa kanyang balintataw ang imahe ng lalaki. Well, una ay dahil mabait itong tao. He was so nice that he was actually living a straight life. Hindi ito naninigarilyo. Hindi nagda-drugs. He was even an occasional drinker. And for once, parang natuwa siya na iba ito sa ibang lalaki na may gusto sa kanya. Aaron was polite and a true-blue gentleman. He had the sense of right and wrong.

May hitsura rin ito; maganda ang katawan at maayos magdala ng damit kahit pa sabihing madalas pormal ang mga

suot nito. Naiintindihan niya kung bakit kahit mainit sa Pilipinas ay malimit itong naka-suit. Iyon ay dahil isa itong motivational speaker and productivity consultant. Isa rin itong management trainer. Hinihingi ng propesyon nito ang pormalidad sa pananamit.

To be completely honest, dumating kasi siya sa point na naging bored siya sa pagiging single at hinahanap-hanap na niya ang exclusivity, ang constant companion.

"Still with me, Andie?" untag ni Sasha. "Si Aaron ang naging boyfriend mo, dahil…?"

"Dahil gusto ko siya," simpleng sabi niya.

"You *really* like him?" nananantiyang tanong nito.

"Of course I do." Sure, hindi pa umaabot sa mas malalim na bahagi ng puso niya si Aaron, but she was dead sure she would get there.

"Do you like him enough para sundin ang mga ipinagbabawal niyang gawin mo? Are you ready for that straight edge lifestyle?"

"You're making him sound so boring," kunwa'y nagtatampo niyang sabi. "Saka hindi naman masyadong mahigpit si Aaron. Hindi niya ako pinagbabawalan sa lahat ng bagay."

"I didn't mean it that way," malambing na tugon nito. Itinigil nito ang pagkuha ng gown sa rack para lumapit sa kanya. "Kaya lang aminin mo, maraming aspeto sa trabaho natin ang hindi niya gusto. As your boss, kinakabahan akong magkaroon ka ng issues

sa pagpunta-punta sa mga social events at parties na normal sa industriyang ito."

"Sasha, hindi Mr. Squeaky Clean si Aaron," pagtatanggol niya sa boyfriend. Siguro medyo mahigpit ito pagdating sa paninigarilyo o pag-inom nang sobra, but good boyfriends did not want their girlfriends to indulge themselves on too many vices. In some ways, naiintindihan niya ang sentiments ng lalaki. At alam niyang makabubuti iyon sa kanya.

"Okay, he's not Mr. Squeaky Clean, but he is clean living and I so respect that."

"You have a funny way of showing your respect," aniya, kunwa'y inirapan ito. "Kung masasaktan ako, keep the honesty to yourself, my beloved boss."

"If that's what you want, Honey!" nakangiting sabi nito, sabay yumakap sa kanya. "Feeling ko, hindi kayo bagay."

"Naman, eh!" Inihiwalay niya ang sarili sa yakap nito. "I told you to keep your honesty."

"Opinion ko lang naman iyon. P'wede akong magkamali."

Ipinagpatuloy nila ang pagliligpit ng mga gowns. Subalit nanatili sa isip ni Andrea ang naging usapan nila ng boss niya. Totoo nga kayang hindi sila bagay ni Aaron? Granted na magkaiba ang personalities nila, pero mas maigi iyon. She believed that their opposite characters would compliment their personalities.

Mas magiging mature ang relationship at mas magiging maganda ang samahan nila.